

# 1

“Joey, ’yung presentation, okay na?” tanong ni Bridget sa tauhan.

“Yes, Ma’am, okay na po,” sagot ng lalaki na nakaharap sa laptop at nakaposisyon sa gilid ng stage.

“Joana, ’yong chairs sakto na ba?” baling niya sa isa pang tauhan.

“Opo,” sagot nito.

It was a busy day for the twenty-six-year-old Bridget Almario dahil may gagaping business seminar sa hall ng *Mandarin Oriental* na hina-handle ng kanyang events management company. Being the head, ang dalaga ang nagdadala ng majority ng stress.

“Bridge, we have a big prob!” anang assistant na si Cathryn na napasugod sa kanyang kinatatayuan sa likuran ng hall. “Hindi raw makakarating si Martin Gonzalo ngayon!”

“What!” bulalas niya. “That can’t be! He’s our main speaker!”

“May family emergency raw kasi kaya he can’t attend,” paliwanag nito. “Ika-cancel na ba natin itong event?”

“No, we’re not going to do that!” diin ni Bridget. “There’s gotta be a solution for this, just wait!” pagkasabi niyon ay mabilis siyang tumalima at lumabas ng hall. Kaagad niyang kinuha ang

## *Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

kanyang BlackBerry at tinawagan ang negosyanteng si Martin Gonzalo.

“I’m sorry, Hija. Dinala ko kasi ’yong daughter ko sa hospital. Malapit nang pumutok ang appendix niya,” paliwanag ng kilalang business coach.

“I’m really sorry to hear about your daughter. I pray she gets well soon,” pakikisimpatya niya. “Sir, I hate to bother you at a time like this, pero mayroon po ba kayong associate na puwede n’yong ipadala rito as your replacement? I can’t cancel today’s seminar kaya kailangan ko po talaga ng business coach for a speaker,” may pag-aalalangan niyang tanong.

“Naku, Hija, pasensya ka na. All of my associates are handling other speaking engagements at the moment,” paumanhin nito. “I’m really sorry...”

“Don’t think about it, Sir,” sagot niya bago tuluyang magpaalam. As she pressed the end button on her phone ay nagsimula manginig ang kanyang katawan. Kahit marami na rin siyang problemang kinaharap sa loob ng apat na taon ng pagiging events specialist, iyon na ang pinaka-challenging na sitwasyong nangyari sa kanila.

“Miss, are you all right?”

Pag-angat niya ng ulo ay halos lumuwa ang mga mata niya nang makita kung sino ang kumakausap sa kanya. “Damon Salveron!” pagkilala niya sa sikat na young businessman.

## *Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

Napangiti ang tall, handsome, Chinese-looking guy na ikinokonsidera bilang one of Manila's Most Eligible Bachelors. "Yeah, it's me," tugon nito. "You are?"

"Bridget Almario," pakilala niya sabay lahad ng kamay. "It's... it's nice to meet you, Sir," mautal-utal pa niyang dagdag. Sanay siyang makipag-usap sa mga prominenteng tao, ngunit iba ang naging dating sa kanya ng lalaki. Ngayon lang niya ito nakita sa personal, kadalasan sa mga magazines and newspapers niya lamang ito nakikita. At sa tingin niya, ito na ang pinakaguwapong businessman na nasilayan niya.

Tinanggap nito ang kanyang pakikipagkamay. "Hi, Bridget. It's nice to meet you, too." Lalong lumawak ang ngiti ng lalaki.

For a while ay nakalimutan ng dalaga ang kanyang problema as she caught a glimpse of the man's bedimpled smile. *He has the kindest face I have ever seen*, naisip niya. Naninibago siya, kadalasan kasi sa mga litrato nito ay parating seryoso ang dating nito. She never thought that the cool, confident and suave businessman could also bring out a warm and comforting presence.

"So are you okay?" tanong nito. "You look troubled."

Tila nagising si Bridget at bumalik sa realidad ng problema. Inilahad niya rito kung paanong hindi makakarating ang main speaker sa kanilang seminar. "And now I need to find a replacement for him in less than ten minutes dahil magsisimula na ang seminar..."

*Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

“Well, if you want, I can be your speaker,” mabilis na alok nito.

Hindi siya makapaniwala sa narinig. “I... I’m sorry, what?”

“I said, kung okay lang sa ’yo, I can be that replacement speaker you need for today’s event.”

“S-Sir, are you sure? That would be an honor, pero nakakahiya naman sa ’yo...”

“The seminar is right up my alley so it’s really no bother. Kalimutan mo na ang hiya; it will get you nowhere in the business world. Just think, kung wala kang speaker na maihaharap sa audience mo, your reputation in the industry will surely be ruined. It will be the end of your young career. Gusto mo bang mangyari ’yon?”

“Kaso, Sir... I don’t think we can afford your fee...” napakamot-uloh niyang pagtatapat.

“Don’t think about it. I’m not going to charge you. Consider this as my contribution to my fellow businessmen...”

Mas lalong humanga ang dalaga sa generosity ng lalaki. Marami na siyang nakilalang mga negosyante, ang iba pa nga ay mga beterano na sa mundo nila, pero wala pa siyang nakikitang kasing-bukas nito sa pagtulong sa mga kapwa businessmen.

---

## *Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

“Ngayon ako naniniwala na may Divine Intervention talaga. Biruin mo, I was close to canceling this event but all of a sudden there he was standing in front of me and offering his help...” nakahingang saad ni Bridget habang katabi ang assistant na si Cathryn sa pinakalikod na row sa loob ng packed hall.

“Baka naman na-smitten ’yan sa beauty mo kaya nag-offer ng help!” hirit ng kanyang kaibigan mula pa college days nila sa Ateneo.

“Kilabutan ka nga! Mga models and socialites ang dine-date n’un. Paano naman siya magkakainterest sa isang ordinaryong babaeng tulad ko?”

“Sus, pa-humble ka pa d’yan!”

“Hindi ako nagpapa-humble, I’m just being realistic!”

“Bakit mo ba minamaliit ang sarili mo? Ang ganda-ganda mo! Hindi ba kung sinu-sino ngang mga businessmen ang nahuhumaling sa ’yo!”

Totoo ang sinasabi ni Cathryn. Tunay ngang lapitin siya ng mga kalalakihan with her lovely mestiza features, slim body and statuesque stance.

Naputol ang pag-uusap ng magkaibigan nang tabihan sila ni Cleo Bautista, representative ng *Progress Business Solutions*, ang kompanyang nag-hire sa kanila upang i-handle ang seminar. Labis itong na-impress sa kanila dahil nakuha nila si Damon Salveron

## *Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

bilang speaker. Ipinangako rin nitong magbuhat sa araw na iyon, lahat ng events ng *Progress* ay sa kanila na nito ipahahawak.

As she marveled at her good fortune ay naisip niyang ang lahat ng iyon ay dahil kay Damon Salveron.

*I really got to thank him later...*

---

Pagkatapos ng seminar ay nagsilapitan ang mga tao kay Damon. They were all eager to have a moment with the young businessman.

“Hi, Sir, it’s really an honor to have you as our speaker,” tahasang sinabi ni Cleo na sa wakas ay nagawa ring makalapit sa thirty-year-old bachelor.

“Don’t mention it. It’s always been my desire to propagate the importance of entrepreneurship,” balik niya. “By the way, have you seen Miss Bridget?” tanong niya habang iginagala ang mga mata sa paligid.

“There she is,” turo nito sa dalagang nasa sulok ng silid. “Bridge!” tawag nito.

Lumingon sa kanila ang babae na kasalukuyang may kinakausap sa cellphone. And again, Damon’s heart raced. He was a great appreciator of beauty at hindi mahirap mahanap iyon sa mundong kanyang ginagalawan. Pero sa kabilang pakikisalamuha niya sa mga naggagandahang mga babaeng pawang miyembro ng

## *Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

high society, bihirang mangyari na mayroong tumatatak sa kanya.

And Bridget was one of the very few who caught his eye. He was deeply enthralled at first sight of her graceful beauty. Tila biglang tumigil sa pag-ikot ang mundo at wala siyang ibang nakikita kundi ito.

Hindi na siya makapaghintay na makaharap ito upang mayayang lumabas. He wanted to know everything about her. Alam niyang hindi siya matatahimik hangga't hindi niya nagagawa iyon.

Subalit naging madamot ang pagkakataon dahil sumulpot ang kanyang assistant at sinabing kailangan na niyang bumalik sa opisina dahil parating ang kanyang business partners. Hindi niya maiwasang madismaya. His mind was dead set on asking the events specialist out, pero naisip din niyang marami pang ibang pagkakataon na sila ay magkakasama.

*Hindi bale, maliit lang naman ang mundong ginagawalan natin. I'm sure this won't be the last time I'll be seeing you, Bridget...*

---

Dahil sa ingay sa loob ng hall ay kinailangan ni Bridget na lumabas upang marinig ang kausap sa cellphone. Nang matapos, mabilis siyang bumalik sa loob. Natapos na kasi ang seminar ngunit hindi pa siya nakakapagsalamat kay Damon Salveron.

Subalit pagtingin niya sa kaninang puwesto nito malapit

### *Pahiram Ng Isang Gabi - Terri Dizon*

---

sa stage ay wala na ito roon, gayundin ang participants na nagsisimula na ring magsilabasan ng hall.

“Miss Cleo, nasaan na po si Mr. Salveron?” tanong niya sa babae na kanina ay katabi lamang ng businessman.

“He already left. May kailangan raw siyang asikasuhin sa opisina. Saan ka ba kasi nagsususuot?” balik nito.

“Lumabas lang ako sandali,” turan niya habang nakakaramdam ng panghihinayang na hindi man lamang niya ito naabutan. “Nakakahiya naman. I wasn’t able to properly thank him...”

“Don’t worry. I’m sure, hindi ito ang last time na magkikita kayo.”

Naisip niyang tama ito. They moved in the same circles; there was a big chance their paths would cross again. At sa oras na mangyari iyon, sisiguraduhin niyang ibibigay niya rito ang pasasalamat.